Hugasan ninyo siya nang tatlong ulit o limang ulit o higit kaysa roon, kung nakakita kayo [ng pangangailangan doon], ng tubig at [dahon ng] mansanitas. Maglagay kayo sa huli ng alkampor o kaunting alkampor. Kapag nakatapos kayo, manawagan kayo sa akin

Ayon kay Ummu `Aṭīyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Pumanaw ang isa sa mga babaing anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya lumabas ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi: "Hugasan ninyo siya nang tatlong ulit o limang ulit o higit kaysa roon, kung nakakita kayo [ng pangangailangan doon], ng tubig at [dahon ng] mansanitas. Maglagay kayo sa huli ng alkampor o kaunting alkampor. Kapag nakatapos kayo, manawagan kayo sa akin." Kaya noong nakatapos kami, nanawagan kami sa kanya saka nagpukol siya sa amin ng tapis niya saka nagsabi siya: "Magbalot kayo nito sa kanya." Gumawa kami sa [buhok ng] ulo niya bilang tatlong tirintas.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Pumanaw si Zaynab na babaing anak ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kaya pumasok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa kinaroroonan ng mga babaing nagpapaligo rito saka nagsabi sa kanila: "Hugasan ninyo siya ng tubig at dahon ng mansanitas nang gansal na ulit: tatlong ulit o limang ulit o higit kaysa roon, kung mayroong pangangailangan. Maglagay kayo sa huling paghugas ng kaunting alkampor. Kapag nakatapos kayo, magpabatid kayo sa akin." Kaya noong nakatapos sila sa pagpapaligo rito, nanawagan sila sa kanya saka nagpukol siya sa ng pantapis niya sa mga babaing tagapagpaligo at nagsabi: "Balutin ninyo siya riyan at gawin ninyo iyan bilang ang damit na nalalapit sa katawan niya." Pagkatapos ginawa ang [buhok ng] ulo niya bilang tatlong tirintas.


النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY


لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee